

Pagbabago sa Bahaging Pangkaligtasan ng Pangkalahatang Plano ng County ng Santa Clara

Workshop #1 Buod: Nobyembre 10, 2022

Ang Pagbabago sa Bahaging Pangkaligtasan ng Pangkalahatang Plano ng County ng Santa Clara ay isang pagkakataon upang matugunan ang mga likas na peligro at peligrong dulot ng tao na nakakaapekto sa mga hindi pinamamahalaang lugar. Bilang pangunahing dokumento ng patakaran na tumutugon sa mga alalahaning ito, nilalayon sa Bahaging Pangkaligtasan na tiyaking mas mahusay na mapoprotektahan ang mga pagpapagawa sa kasalukuyan at hinaharap mula sa mga peligrong ito at mas magiging ligtas ang mga komunidad ng County mula sa mga peligro sa hinaharap.

Kasabay ng paghahanda ng County ng Santa Clara ng Pagbabago sa Bahaging Pangkaligtasan nito, magbibigay ng ilang pagkakataon upang makipag-ugnayan sa mga kawani ng County. Noong Nobyembre 10, 2022, nagdaos ang County ng unang workshop nito sa komunidad upang:

- Ipakilala ang Pagbabago sa Bahaging Pangkaligtasan sa mga miyembro ng komunidad
- Makatanggap ng komento sa mga alalahanin sa kaligtasan ng publiko at mga pagkakataon upang mapabuti ang paghahanda at pagtugon sa emerhensiya sa County
- Hikayatin ang pakikilahok sa proseso ng pakikipag-ugnayan

Kasama sa Adyenda ang:

- Pangkalahatang-ideya ng Pangkat ng Pagbabago sa Bahaging Pangkaligtasan
- Pangkalahatang-ideya ng mga Kaugnay na Pagsisikap sa Pagpapalano ng County
- Ano ang Bahaging Pangkaligtasan?
- Bakit i-update ang Bahaging Pangkaligtasan?
- Tungkulin ng mga stakeholder at komento ng publiko

Binubuod ng memorandum na ito ang mga kalahok, iba pang nauugnay at pinagsama-samang pagsisikap sa pagpapalano ng County, nagbibigay ng mga sagot sa mga katanungan ng publiko, at inilalahad ang mga resulta ng botohan ng publiko na ibibigay sa pagtatapos ng workshop.

MGA KALAHOK

Labing-anim na indibidwal ang lumahok sa unang workshop, bukod sa mga Kawani ng County at kanilang mga tagapayo. Kabilang sa mga kilalang bisita si:

- o Brian Glass, SCCFD
- o Carlos Alcantar, Cal Fire
- o Marcus Hernandez, Cal Fire
- o Richard Blanchard, President San Antonio Hills HOA
- o Sidney French, Lexington Hills-Call of the Wild
- o Topher Byrd, Cal Fire

- o Julie Weiss, Palo Alto
- o Christine Luong, Palo Alto
- o Dede Smullen, SCCC FireSafe Council
- o Diana Miller, Dept of Aging and Adult Services
- o Marlee Smith, SVLG
- o Marty Estrada, Caras
- o Rebecca Garcia, South County Collaborative
- o Dashiell Leeds, Sierra Club
- o Kevin Conant, PG&E
- o Nathan Rainey, Palo Alto

ISINASAGAWANG MGA PAGSISIKAP SA PAGPAPLANO NG COUNTY

Nagaganap ang Pagbabago sa Bahaging Pangkaligtasan kasabay ng iba pang malalaking pagsisikap sa pagpapalano para sa County kabilang ang Pagbabago sa Bahaging Pabahay, Planong Proteksyon ng Komunidad sa Mabilis na Kumakalat na Sunog (Wildfire Protection Plan, CWPP) at Multi-Jurisdictional Hazard Mitigation Plan (MJHMP). Dahil ang mga pagsisikap na ito ay may magkakapatong na mga layunin o nagpapaalam sa isa't isa, ang County ay gumugulong malaking pagsisikap upang matiyak na magkakaugnay ang mga pagsisikap na ito. Dahil ang oras ng *Pagtanong-at-Pagsagot* ng workshop ay may kasamang ilang katanungan tungkol sa tatlong pagsisikap sa pagpapalano na ito, naibigay ang isang link sa mga nauugnay na website:

Pagbabago sa Bahaging Pabahay

<https://plandev.sccgov.org/ordinances-codes/general-plan/housing-element-update-2023-2031>

Planong Proteksyon ng Komunidad sa Mabilis na Kumakalat na Sunog (Wildfire Protection Plan, CWPP)

<https://www.sccfd.org/santa-clara-county-community-wildfire-protection-plan/>

Multi-Jurisdictional Hazard Mitigation Plan (MJHMP)

<https://emergencymanagement.sccgov.org/multi-jurisdictional-hazard-mitigation-plan-mjhmp>

MGA TANONG AT SAGOT

Ang mga tanong mula sa publiko ay nailagay sa limang kategorya:

- Mga Layunin, Iskedyul, at Relasyon ng Proyekto sa iba pang mga Pagsusumikap sa Pagpapalano
- Mga Pagsusuri sa Bahaging Pangkaligtasan
- Planong Proteksyon ng Komunidad sa Mabilis na Kumakalat na Sunog
- Multi-Jurisdictional Hazard Mitigation Plan
- Pag-abot at Koordinasyon ng Ahensya

Mga Layunin, Iskedyul, at Relasyon ng Proyekto sa iba pang mga Pagsusumikap sa Pagpaplano

1. Kailan mapupunta ang Pagbabago sa Bahaging Pabahay sa Lupon ng mga Superbisor?

Pinagtibay ng Lupon ng mga Superbisor ang pagbabago sa Bahaging Pabahay ng County para sa 2023-2031 na panahon ng pagpaplano noong Oktubre 17, 2023. Kasalukuyang nakikipagtulungan ang County sa Departamento ng Pabahay at Pagpapabuti sa Komunidad (Housing Community Development, HCD) upang maisapinal at mapatunayan ang Pagbabago sa Bahaging Pabahay.

2. Ano ang Layunin ng County kapag talagang magkakabisa na ang planong pangkaligtasan na ito – Alam kong sinabi ni Aaron na pangmatagalang proseso ang pangkalahatang planong pangkaligtasan, ngunit may benchmark ba ang county kung gusto nilang makita ito bilang realidad.

Ang layunin ay magkaroon ng Bahaging Pangkaligtasan na aprubado ng Lupon ng mga Superbisor sa kalagitnaan ng 2024. Kapag naaprubahan na, magsisimulang ipatupad ng County ang lahat ng mga patakaran, programa, at aksyon.

Ang Bahaging Pangkaligtasan ay tanaw mula sa 30,000 talampakan na ang ibang mga plano gaya ng CWPP at MJHMP ay nagpapatupad ng mas malawak na mga patakaran sa Bahaging Pangkaligtasan. Kaya, kapag naaprubahan ang Bahaging Pangkaligtasan, magsisimulang makita ng komunidad ang iba pang mga proyekto at programa na inilunsad sa pamamagitan ng iba pang mga mekanismo, plano, at proyekto.

3. Kapag sinabi mong 'unincorporated' kasama ba diyang ang east foothills at mas malawak na komunidad ng Mt. Hamilton? Napansin kong karamihan sa mga proyektong binanggit sa simula ay nasa kanlurang bahagi ng lambak kaya hindi ako sigurado kung may isyu sa hurisdiksyon

Oo. Kasama sa incorporated na komunidad ang mga lungsod na may tinukoy na mga limitasyon ng lungsod. Ang mga parcel na hindi nasa loob ng mga hangganan ng lungsod na iyon ay nasa unincorporated na bahagi ng County. Kung titingnan mo ang East Foothills at Alum Rock, may pagkakaugnay ang Lungsod ng San Jose at ang mga hindi naisamang bahagi ng County – at bagama't magkakapatong – ang mga lugar na ito ay nasa Bahaging Pangkaligtasan. Karamihan sa Diablo Range, kabilang ang Mount Hamilton area, ay hindi isinama at sakop ng Bahaging Pangkaligtasan ng County. Ito ay karagdagan sa iba pang mga urban pocket (tulad ng Burbank at Fruitdale), karamihan sa kampus ng Stanford, karamihan sa Santa Cruz Mountains (kabilang ang mga kapitbahayan ng Lexington Heights), at karamihan sa South Valley (kabilang ang San Martin), na unincorporated din.

Mga Pagsusuri sa Bahaging Pangkaligtasan

4. Paano susuriin ang antas ng panganib para sa iba't ibang mga panganib, partikular ang mabilis na kumakalat na sunog

Ayon sa batas, kinakailangan ng County na isama ang pagmamapa ng panganib na inihanda na ng CalFIRE, at kasalukuyang ina-update, para sa lahat ng hurisdiksyon. Inilalarawan ng mga mapa ng CalFire na ito ang mga Lugar na Pananagutan ng Estado at ang mga Sona na Malubha ang Panganib sa Sunog. Kinakailangang isama ng County ang mapa na iyon, ngunit hindi iyon nangangahulugan na maaari naming isama ang iba pang impormasyon sa panganib na nauugnay sa mga panganib mula sa mga mapagkakatiwalaang madudulugan. Depende sa timing, maaaring may pagkakataon na maisama ang pinakabagong impormasyon mula sa CalFire.

Ilalabas ng CalFIRE ang susunod na bersyon ng Mapa ng Kalubhaan ng Sunog sa Pebrero 2023. May kasalukuyang pagsisikap na imapa ang mga halaman sa sona na mataas ang kalubhaan ng sunog sa tatlong county: Santa Clara, San Mateo, at Santa Cruz. Ang datos na ito ay nasa 5-metrong sukatan ng pagsusuri at partikular na gagamitin ng CWPP ang bagong impormasyong iyon.

5. *Maaari mo bang ilarawan kung paano mo tutugunan ang mga bagong kinakailangan sa paglikas - sa buong County ba ito, kung saan magagamit ang mga lokal na hurisdiksyon para sa sarili nating mga Bahaging Pangkaligtasan.*

Ang pagsisikap sa paglikas na ito ay hindi isang pagsusuri sa buong County dahil ito ay nasa labas ng saklaw ng Bahaging Pangkaligtasan, na limitado sa mga unincorporated na lugar ng County. Para sa mga pinagsama-samang lugar ng County, ang mga lokal na hurisdiksyon (Mga Lungsod) ay may sariling mga Bahaging Pangkaligtasan na may mga plano sa paglikas, bukod sa kamakailang pinagtibay na Multijurisdictional Hazard Mitigation Plan na nag-uugnay sa pagpaplanong pang-emerhensiya sa mga hurisdiksyon sa loob ng County.

6. *Natukoy na ba ang mga ruta ng paglikas? Kung gayon - saan natin mahahanap ang mga ito?*

Ang County ay nakikipag-ugnayan sa lahat ng mga departamentong responsable para sa paglikas upang matukoy ang mga ruta. Gamit ang sukatan ng CalFIRE na 30 parcel para sa isang subdibisyon, tutukuyin din ng County ang lahat ng limitadong lokasyon ng access dahil sa pagpasok/paglabas.

7. *Naniniwala din ako na ang AB 747 ay mayroon ding iba pang mga kinakailangan sa plano ng paglikas sa Planong Pangkaligtasan, maliban sa ipinakita mo sa SB 99.*

Para naman sa AB 747, hindi ito bahagi ng Pagbabago sa Bahaging Pangkaligtasan. Ang pagsusuring iyon ay tumitingin sa mga sitwasyon ng paglikas na talagang lumilipat mula sa isang bahagi ng pagpapalano ng bahay patungo sa pamamahala sa emerhensiya ng mga mapanganib na kaganapan. Ang pagsusuri ng AB 747 ay maibabatay sa gawaing isinagawa bilang bahagi ng Pagbabago sa Bahaging Pangkaligtasan.

8. *Aling mga pagsasaalang-alang sa pagbabago ng klima ang isasama?*

Ang County ay gumawa na ng maraming trabaho na may kaugnayan sa pagbabago ng klima na sinusuri ang mga panganib na nakababahala tulad ng matinding init, mabilis na kumakalat na sunog, pagtaas ng lebel ng dagat, at pagbaha. Ang Pagbabago sa Bahaging Pangkaligtasan ay maibabatay mula sa naunang gawaing natapos na at bubuo ng isang malakas na balangkas ng patakaran na nagpapahintulot sa County na tugunan ang mga isyu at alalahanin sa pagbabago ng klima sa pamamagitan ng proseso ng pag-unlad.

9. *Mayroon bang bagong bagay na hinahangad ng County na Ipatupad sa pangkalahatang plano ng Bahaging Pangkaligtasan na ito.*

Magkakaroon ng impormasyon at mga patakaran na pangunahing nakapalibot sa mabilis na kumakalat na sunog, pagbabago ng klima, adaptasyon sa klima, paglikas, pamamahala ng emerhensiya, dahil iyon ang mga pinakabagong kinakailangan. Isasaalang-alang ng pagsusuri ang mga kasalukuyang layunin at patakaran at ang mga partikular na kinakailangan at mga kakulangan ng Statute 65302G.

10. *Makikipag-ugnayan ka ba sa Cal Fire Land Use Planning Program? Isang walang bayad na madudulugan sa County ng Santa Clara at Atlas Planning na dalubhasa sa pagtulong sa mga Pagbabago sa Bahaging Pangkaligtasan at pagsunod sa mga kinakailangan ng Estado.*

Bilang bahagi ng proseso ng paghahanda ng Bahaging Pangkaligtasan, ang County ay magkakaroon ng patuloy na pakikipag-ugnayan sa Cal Fire Land Use Planning Program na kakaugnayan. Dahil sa pagkakaroon ng mga Lugar ng Pananagutan ng Estado sa loob ng County, kinakailangan ang koordinasyon upang matiyak ang pagsunod sa Panukalang Batas ng Senado 1241.

11. *Magaganap ba ang pag-abot na iniaatas ng CA GOV 65302.5 at CA GOV 65352 bago gamitin ang Bahaging Pangkaligtasan?"*

Ang pag-abot na nauugnay sa pagbabago sa Bahaging Pangkaligtasan ay inilaan upang matugunan ang mga

kinakailangan sa pag-abot na tinukoy sa California Government Code. Karamihan sa mga ito ay magagawa sa pamamagitan ng kinakailangang proseso ng pagsusuri sa kapaligiran alinsunod sa California Environmental Quality Act.

CWPP

12. Sino ang nagpopondo sa update ng CWPP?

Ang CWPP ay ganap na pinopondohan ng CalFIRE. Nakatanggap ang Santa Clara Fire Safe Council ng CalFire Grant para sa \$250,000. Ito ay pagpopondo para sa Phase 1, kabilang ang Story Map at ang mga mabilisang pagpupulong ng Komunidad sa pagpupulong ng Konseho sa Kaligtasan mula sa Sunog. Ang Story Map ay magiging isang kasangkapan na ibibigay sa komunidad na magbibigay-daan sa kanila na hindi lamang maunawaan ang higit pa tungkol sa CWPP at ang proseso, kundi pati na rin ang mga proyektong nag-ambag dito.

13. Ano ang Phase 2 ng CWPP update? Ito ba ay pagkatapos makumpleto ang Bahaging Pangkaligtasan?

Ang Phase 2 ng update ng CWPP ay isang sanggunian sa isang grant na iginawad para sa posisyon ng Tagakoordina ng County. Ang pagpopondo ay mula sa Cal Fire at ang Santa Clara County FireSafe Council ay ginawaran ng grant para sa posisyong ito noong 2023. Gagamitin ng Santa Clara County FireSafe Council ang pagkakataong ito, sa bahagi, upang tumulong na subaybayan ang pag-unlad at mga aksyon gaya ng nakadokumento sa huling pahayag ng CWPP. Ang FireSafe Council ay magsisilbing Tagakoordina ng County, na nakikipagtulungan sa mga kasosyong ahensya at annex upang masubaybayan at maipaalam ang pag-unlad sa kanilang mga inisyatiba sa CWPP. Ang pagsisikap na ito ay hiwalay sa Bahaging Pangkaligtasan at hindi nakatali sa timing nito.

MJHMP

14. Ano ang microgrid?

Ang microgrid ay isang nakapaloob sa sarili na network ng kuryente na nagbibigay-daan sa iyong makabuo ng sarili mong kuryente on-site at gamitin ito kapag kailangan mo ito. Ang layunin sa likod ng pagkakaroon ng mga microgrid ay upang makatulong sa pagbawas sa mga greenhouse gas na emisyon, at nagbibigay-daan ang mga ito sa pagsasama-sama ng mga mapagkukunan ng napapanibagong enerhiya at pagsuporta at paggawang makabago sa lokal na sistema ng pamamahagi ng kuryente.

15. Magiging kwalipikado ba ang MJHMP bilang isang proyekto sa ilalim ng CEQA?

Inilaan ang CEQA na ipaalam sa mga gumagawa ng desisyon ng gobyerno at sa publiko ang tungkol sa mga potensyal na epekto sa kapaligiran ng mga iminungkahing aktibidad at upang maiwasan ang malaki, maiiwasang pinsala sa kapaligiran. Ang MJHMP, isang produkto sa pagpapalano, ay tumutukoy sa ilang mga aksyon o proyektong pagpapagaan, na maaaring mangailangan o hindi ng isang pagsusuri sa CEQA. Ang pangangailangan para sa isang pagsusuri ng CEQA ay tinutukoy sa case-by-case na batayan at karaniwang kinakailangan kung mayroong anumang pisikal na epekto sa kapaligiran.

Pag-abot at Koordinasyon ng Ahensya

16. Paano nakasali ang Opisina ng Pagpapanatili ng County sa pagpapalano ng pagbagay sa klima? Bilang follow-up sa aking nakaraang tanong, kasali ba ang mga lokal na organisasyon ng pagpapanatili ng lungsod sa proseso?

Ang Opisina ng Pagpapanatili ay nagbibigay ng patakaran at mga kasangkapan sa pagpapalano at teknikal na

tulong sa mga kagawaran at kasosyo ng County upang maisama ang mga pagsasaalang-alang sa panganib sa klima at mga pagpapabuti sa katatagan sa mga operasyon at imprastruktura, at maitaguyod ang mga network upang maisulong ang mga solusyon sa katatagan ng lokal at rehiyonal na komunidad. Naisasagawa ito sa pamamagitan ng mga sumusunod:

- [Silicon Valley 2.0 Climate Change Preparedness Tool](#): Ang OOS ay nagsasagawa at nagpapanatili ng isang pagtatasa sa panganib sa klima sa buong county at kasangkapan na nakabatay sa web upang matukoy ang mga mahihinang asset, lokasyon, at populasyon sa buong County at nagbibigay ng mga mapagkukunan, datos at kadalubhasaan upang makatulong sa mga pagsusumikap sa pagbagay ng County at kasosyo.
- County Climate Collaborative: Ang OOS ay nangangasiwa at nagkokoordina ng mga pagsisikap sa buong county at cross- jurisdictional na mga pagsisikap sa katatagan sa pamamagitan ng Climate Collaborative isang komunidad ng pagsasanay na binubuo ng mga stakeholder mula sa mga pampublikong ahensya, akademya, at CBO na nagtutulungan upang magabayan at maikookordina ang aksyon sa klima at pagpapalano kaugnay ng adaptasyon sa buong rehiyon.

Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang [Sustainability Master Plan, Layunin 2](#).

17. Paano nagpapalano ang County sa pagsuporta sa mga pagsusumikap na pagpapagaan at mga serbisyo na popondo sa mga lokal na hindi pangnegosyo, na pinakanaapektuhan. Isa sa mga prayoridad para sa planong pangkaligtasan ng county na magbibigay ng mga pagsusumikap sa pagpapagaan sa mga hindi negosyo upang mapabuti ang mga planong pang-emerhensiya upang masuportahan ang mga nasa laylayan na komunidad sa ating lugar. Gaya ng paglikha ng isang pangkaligtasang sentro ng komunidad na maaaring pangasiwaan, sanayin, bigyan ng mga workshop, mga sesyon sa pakikinig at paglikha ng isang plano ng aksyon ng mga non-profit, upang maihanda at magkaroon ng mga kasangkapan ang komunidad upang malabanan ang mga pagsisikap sa pagpapagaan.

Ang mga ito ay programmatic na aspeto ng kung paano ipinatutupad ang Bahaging Pangkaligtasan. Ang mga ito ay maaaring isama sa MJHMP. Ang isang paraan ng pagtugon ay ang sa mga patakarang may malalaking sukat tulad ng pagtutok sa mas mahusay na pakikipag-ugnayan at pakikilahok ng komunidad at mga kinatawan nitong organisasyon.

18. Paglikha ng network ng mga non-profit sa pagkookordina ng planong pangkaligtasan upang malabanan ang mga pagsusumikap na ito sa pagpapagaan na maaaring gawin kada tatlong buwan. Gusto kong makita ito bilang bahagi ng mga rekomendasyon sa planong pangkaligtasan.

Ang rekomendasyong ito ay isasaalang-alang, at isang potensyal na patakaran ang binalangkas at isinama sa Bahaging Pangkaligtasan.

WORKSHOP #1 MGA TANONG SA PAGBOTO

Tanong 1

Nakaranas ka na ba ng isang mapanganib na kaganapan mula nang manirahan ka sa Santa Clara County?

- Oo – 89%
- Hindi – 11%
- Hindi Sigurado – 0%

Tanong 2

Sa nakalipas na 5 taon, anong mapanganib na kaganapan ang may pinakamalaking epekto sa iyong buhay at tahanan?

- Sobrang Init – 17%
- Tagtuyot – 17%
- Mabilis na Kumakalat na Sunog + Usok – 56%
- Pagbaha – 6%
- Lindol/Pagguho ng Lupa – 6%
- Wala sa mga nasa itaas – 0%

Tanong 3

Kasalukuyan ka bang may nakahanda na mga supply para sa emerhensiya sa paghahanda sakaling magkaroon ng panganib?

- Oo – 67%
- Hindi – 28%
- Hindi Sigurado – 6%

Tanong 4

Alam mo ba ang mga serbisyo at programa ng County na inilaan upang masuportahan ang kahandaan ng komunidad?

- Oo – 61%
- Hindi – 28%
- Hindi Sigurado – 11%